

**Pinagtibay sa ika-39 Pagpupulong ng
AMAF Noong 28/9/2017**

10 Yugto sa Pagtaguyod ng Isang Programang Nasyonal na Nagbibigay Insyurans sa Pananim

**Translated from the 10 Phases in Developing a National
Crop Insurance Program: Guide Overview and Farmer-
Level Demand for Insurance Survey**

Disclaimer: This is an unofficial translation and provided for reference only.

10 Phases in Developing a National Crop Insurance Program: Guide Overview and Farmer-Level Demand for Insurance Survey, 2016.

To find the original version of the guideline please visit the ASEAN Secretariat website, <https://asean.org/> or download at <https://asean-crn.org/relevant-asean-guidelines-on-land-use/>.

The translation has been produced with the support of the Climate Smart Land Use in ASEAN (CSLU) project, funded by the German Ministry for Economic Cooperation and Development and implemented by the Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit (GIZ).



Pinagtibay sa ika-39 Pagpupulong ng AMAF Noong 28/9/2017

10 Yugto sa Pagtaguyod ng Isang Programang Nasyonal na Nagbibigay Insyurans sa Pananim

*Ito ay isang pangkalahatang gabay na nagbibigay ng bawat hakbang para na maaring isaalang-alang ng mga tumitinging pamahalaan bago ipatupad ang isang pambansang programa sa crop insyurans o kaya ay pag-aralan para sa pagpapabuti ng kasalukuyang programa. **Ang pangkalahatang gabay na ito na may sampung yugto na binuo ng ASEAN Climate Resilience Network (ASEAN-CRN) Knowledge Exchange Event on Effective Policies for Promoting Agriculture Climate insyurans to Increase Resilience in ASEAN**, ay isinagawa noong Agosto 16–18 sa Ho Chi Minh City, Vietnam.*

Ang gabay na ito ay binuo nang may suporta mula sa G4INDO Project, at pinondohan ng National Space Organization ng Netherlands. Si Gng. Laura Johnson Blair, ang independent consultant, ang may-akda ng lathalaing ito at si Gn. Emilio Hernandez ng Food and Agriculture Organization (FAO) ng United Nations at Gn. Chee Koon Ong ng SwissRe Singapore ang nagbigay ng kontribusyon para sa pagtataguyod nito.

Ang pagpapalitan ng kaalaman ng ASEAN-CRN sa insyurans na pang-agrikultura ay isinagawa ng Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit (GIZ) GmbH, sa pamamagitan ng Forestry and Climate Change (FOR-CC), proyekto ng ASEAN- German Programme sa Response to Climate Change (GAP-CC) at pinondohan ng German Federal Ministry for Economic Cooperation and Development. Ang ASEAN-CRN ay itinatag upang tiyakin na ang mga ASEAN Member State (AMS) ay magkakaroon ng mainam na kakayahang gawing angkop ang kanilang sektor ng agrikultura sa climate change at maibsan ang maaaring maging epekto nito.

Unang Yugto. Paunang Multi-Stakeholder na Pagsusuri sa Pangangailangan ng Agricultural insyurans

- a. Ang paunang pag-uusap ng mga sangay ng gobyerno na may interes sa insyurans na pang-agrikultural upang kilalanin ang mga pangangailangan ng mga programang tulad nito. Ang mga pag-uusap na ito ay maaaring tumutukoy sa kasalukuyang mga ginagawa upang maibsan ang panganib na dala ng climate change at sa mga estratehiya ng gobyerno upang magdala ng katatagan, mga nagbabagong climate pressure at ang kanilang naidudulot sa agrikultura ng bansa at/o kaya ay sa pangangailangan na ibaling ang pormal na pagpapagaan ng mga panganib sa de-risk rural lending.
- b. Hinihimok ang pakikilahok ng mga kinatawan ng pribadong sektor sa unang yugto, partikular na sa mga tuwirang maaapektuhan o makikinabang sa insyurans program. Kadalasan, ang mga kinatawan ng pribadong sektor ay nagbibigay ng ibang pananaw, na sa kalaunan ay magiging dahilan upang ang programa ay mas tumugon sa kanilang pangangailangan, mas maipatupad at makagawa ng mga itinakdang pagbabago. Higit pa rito, ang mga dinadala ng pribadong sektor sa yugtong ito ay magiging mahalaga sa pagtukoy ng mga hangganan ng feasibility study.
- c. Ang pagtukoy sa mga malalawak na layunin para sa pagtataguyod ng agricultural insyurans at mga formal risk mitigation tool na nagsasalin ng panganib sa pampubliko o pribadong industriya ng insyurans. Ang mga produktong ito ng insyurans ay makapagbibigay ng karagdagang proteksyon upang punan ang kasalukuyang tugon ng pamahalaan sa pagbabago sa klima, magbigay daan sa rural na pagpapautang, magbugkos ng may input subsidies, at iba pa.
- d. Kapag nagkaroon na ng malawak na kaisipan, ipakikilala ang multi-stakeholder Working Group. Maaaring ang Working Group na ito ay may mga miyembro mula sa Ministry of Finance, Ministry of Agriculture, tagapag ayos ng insyurans, mga kompanya ng insyurans, national meteorological department, teknikal na mga tagapayo, pangunahing kinatawan ng grupo ng mga magsasaka, iba pang mga bahagi at kasamahan sa pagtataguyod (kung isasali).
- e. Matatag na pondo para sa pag-aaral ukol sa posibilidad at pagtataguyod ng programa—pinakamainam kung ang pagkukunan ay mula sa internal na pamahalaan mula sa Finance o Ministry of Agriculture, o kung kinakailangan, mula sa mga development partner. Ang panlabas na mga teknikal na tagapayo ay maaaring maitatag sa panahong ito upang mamahala at magsagawa ng pagtataguyod ng kapasidad sa lahat ng paunang yugto para sa pag-aaral ukol sa posibilidad ng programa, pagtataguyod ng produkto, pagsasagawa ng proseso at sa paunang pagpapatupad.
- f. Magtalaga ng istruktura sa pag-uulat at timeline (maaaring ayon sa patnubay ng gabay na ito) para sa Working Group.

Ikalawang Yugto. Feasibility Study at Farmer Risk Assessment

Ang pagsusuri ng pag-aaral na ito ay isang mahalagang hakbang sa pagtataguyod ng programa, pagsasaliksik at pagtatatag ng mga pangunahing parametro para sa basehan ng programa. Ang pagsasagawa ng pagkalap ng mga datos sa pambansang antas at mga survey sa antas ng mga magsasaka ay maaaring ipatupad ng mga dedikadong pangkat na inatasan ng National Working Group at/ o kaya ay maaaring magtalaga ng mga technical consultant upang magbigay ng payo at tumulong sa pagsusuri. Pinakamainam na ang payong matatanggap ng local country team ay manggagaling mula sa mga dalubhasa sa labas ng organisasyon na maaari ring makibahagi sa capacity building ng national team na kabilang sa programa sa buong sampung yugto. Ang capacity building at ang sumusunod na kakayahan para sa paglutas ng mga suliranin ay mahalaga para sa pangmatagalang pagpapanatili ng mga katulad na programa.

a. Pagkolekta ng Datos Pambansa

- i. Sektor ng Agrikultura – hal. value chain ng mga pangunahing pananim at paghahayupan, panganib sa pananim at paghahayupan
- ii. Sektor ng insyurans – hal. balangkas ng regulasyon, kasalukuyang insyurans sa agrikultura at mga magagamit ng produkto para sa pagpapagaan ng mga panganib
- iii. Pinansyal na Sektor – hal. pakikibahagi ng gobyerno sa agrikultural at rural na pautang; at pagpapautang ng mga pribadong institusyon ng pananalapi sa mga magsasaka (maaaring kabilang dito ang mga impormal na sektor)
- iv. Mobile – hal. mga pangunahing mobile network operator na umaabot sa mga rural na lugar
- v. Index Data – hal. mga datos sa panahon, ani, at presyo sa kasaysayan
- vi. Mga magagamit na pag-aaral na nagsusuri sa mga kasalukuyang hamon na hinaharap ng mga insyurans na programa

b. Survey sa Mga Magsasaka – isasagawa sa bawat probinsya na isinasaalang-alang para sa insyurans na pang-agrikultura sa umpisa pa lamang ng pagtataguyod ng proseso. Pinakamainam na may mga pangkat na itinalaga ng Working Group na nakikipag-ugnayan sa lokal na ekstensyon (para sa koordinasyon at mga katanungan sa survey) at nagbibigay ng pahintulot sa bawat probinsya/piling distrito upang makipagkita/makapanayam/mag-survey ng mga kinatawang grupo ng mga magsasaka. Bago ang pagsasagawa ng survey sa mga magsasaka, dapat na ipagdiinan ang pagtataguyod ng mga katanungan at

pagpapalakas ng kapasidad para sa mga enumerator na magsasagawa ng survey. Ang mga sumusunod na paksa ay dapat na madaanan ng survey. Sa aktwal na survey, mag-iiba ang pagkakasabi sa mga katanungan at magbibigay ng mga halimbawa sa ilang mga kalagayan. Mahalaga rin na ituring ito ng staff na magsasagawa ng survey bilang isang pag-uusap, magbigay ng mga karagdagang katanungan upang alamin ang tunay na sitwasyon ng mga magsasaka, at hindi lamang itatanong ang mga katanungan ayon sa pagkakasulat. Ang survey na ito, bilang karagdagan sa quantitative na impormasyon, ay naghahanap din ng qualitative na kaalaman na maaaring maging bahagyang pagbasehan ng programa.

- i. **Sambahayan ng magsasaka at pamamalakad sa pagsasaka** – edad, bumubuo sa sambahayan, lugar na sinasaka, sakahang pagmamay-ari/inuupahan/kabahagi, tiyempo ng panahon, inaalagaang pananim, ani kamakailan lamang vs inaasahang ani, pag-iiba-iba ng mga presyo, pananalapi/malalapitang pautang para sa mga input at labor, merkado para sa mga pananim at mga intermediary, paggamit ng input at brand na kinikilingan, saan binili ang mga input
- ii. **Hitsura at pamamahala sa mga panganib** – ano ang mga pangunahing dahilan ng mababang ani/pagkasira ng pananim (maaaring sagot: tagtuyot, bagyo, pabago-bagong buhos ng ulan, sakit, peste, pabago-bagong mga presyo, kawalan ng merkado, iba pa), anong porsyento ng pagkalugi (kung mayroon man) ang naranasan noong mga nakaraang anihan/nakaraang mga taon, mga pagbabago sa dahilan ng mga sub-optimal yield, paano pinamamahalaan ang mga panganib na ito, mga paraan sa pagtugon sa pagkalugi/epekto sa susunod na panahon ng pagtatanim
- iii. **Gastos sa Produksyon** – gaano kalaking lupain ang tinataniman ng X na pangunahing pananim; magkano ang ginastos noong nakaraang panahon ng pagtatanim para sa buto, pataba, at paghahanda ng lupa, trabaho, kemikal, pagtanggap ng mga damo, pag-ani, paghataw, pagbalot, transportasyon, at iba pang gastos; pinagmumulan ng kita
- iv. **Mga maaaring saklaw ng government insyurans** – pinakamahalagang panganganib na dapat tugunan, paano gagamitin ang bayad kung walang ani, kung may nangangalaga sa puhunan sa pagsasaka, ano ang naiibang gagawin sa input/credit/etc., mga kaisipan sa pinakamainam na paraan upang makakuha ng insyurans/anumang serbisyo o programa na kasalukuyang ginagamit ng mga magsasaka
- v. **Paggamit ng Mobile Phone** – gaano kadalas ginagamit ang SMS, internet sa telepono, pagkakaroon/paggamit ng mobile money, piling provider/pinakamahusay na coverage

- vi. **Mga pananaw at karanasan sa insyurans** – kasalukuyan/nakaraang produkto ng insyurans, nabalitaang mga insyurans na ibinebenta noon, anong uri (e.g. kalusugan, buhay, pananim), pagnanais na makakuha ng mga insyurans product, mga pangamba sa insyurans, pipiliing kompanya ng insurance.
- vii. **Magagamit na Pautang** – kasalukuyan bang may utang, mayroon bang ipon sa grupo sa komunidad, mayroon bang pera sa bangko, ang mga bangko ba ay nagbibigay ng pautang sa mga gastos ng mga magsasaka, kondisyon ng mga pautang na ito, nangutang ba sa bangko, mayroon bang mga kondisyon sa pagtanggap ng pormal na pautang, nagpapautang ba ang gobyerno ng mga pananim, nakakatanggap ba ng pautang mula sa mga lokal na agro dealer o trader, ano ang interes sa mga pautang mula sa mga trader, ano ang mangyayari kung hindi makakabayad ng utang, nais bang magkaroon ng mas maraming paraan upang makautang, kailangan ba ng pautang upang magkapondo sa sakahan o iba pang layunin, ano ang naiiba mong gagawin kung makakautang ka
- viii. **Organisasyon ng mga Magsasaka** – pakikibahagi sa mga lokal na organisasyon ng mga magsasaka, iba pang kapulungan sa probinsya, paano tumatakbo ang organisasyon, boluntaryo man o sapilitang pagiging miyembro, laki, mga benepisyo ng pagiging miyembro, (paraan upang makatanggap ng mga programa o gamit)
- ix. **Mga Programa ng Gobyerno** – kasalukuyang mga programa ng gobyerno na nakatuon sa mga magsasaka sa isang lugar, mga benepisyo na maaaring makuha, mga kinakailangan upang makatanggap ng benepisyo, mga pananaw sa kalidad ng pagpapatupad

c. Pagsusuri sa nakalap na datos sa antas ng mga magsasaka at sa pambansang antas – upang makilala ang mga panganib na dapat matugunan, ano ang mga maaaring produkto ayon sa nakalap na data at risk profile, potensyal na paraan ng pamamahagi, paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga magsasaka, pangangailangan sa tulong pinansyal, at pinakamainam na placement sa gobyerno.

Ikatlong Yugto. Mga Kasunduan sa Insyurans at Balangkas ng Regulasyon

- a. Pag-aralan ang kasalukuyang regulatory framework ng pamahalaan, kung mayroon man, tungkol sa agrikultura – o katulad na produktong insyurans at instrumentong pinansyal na kasalukuyang ipinapatupad sa mga maliliit na magsasaka. Ang mga Index insyurans product ay maaaring nakapaloob sa pinansyal na regulasyong balangkas ng isang bansa.
- b. Magdisenyo ng isang balangkas institusyonal para sa suplay at pamamahagi ng pang-agrikultural na insyurans. Dapat na

nakapaloob sa balangkas na ito ang pagkaunawa kung ang suplay ng insyurans ay isinasagawa sa pamamagitan ng indibidwal na company o isang grupo ng mga nagbibigay ng insyurans; na siyang nagbibigay katiyakan sa panganib (lokal, internasyonal, o pareho); at ang ganap na tungkuling gagampanan ng pamahalaan sa paniniguro ng ari-arian/regulasyon/pamamahala sa insyurans. Ang ganitong institusyunal na arkitektura ay kailangang maitatag sa umpisa pa lamang at maaaring suportahan ng internasyonal na mga dalubhasa, dala ang mga karanasan mula sa ibang rehiyon.

- c. Isama ang awtoridad na nagreregula ng insyurans at mga kasapi ng pribadong sektor sa Working Group upang pag-usapan ang pagpapabilang o pagsasaayos ng balangkas upang magkaroon ng pang agrikultura na insyurans sa bansa, na maaaring magdala ng mga teknikal na tagapayo para sa bagong balangkas pangregulasyon. Hayaang maging ganap na lisensyado ang mga lokal at internasyonal na kompanya, kabilang na ang mga tagapamagitan. Ang mga pribadong kasapi ay maaaring isama sa proseso upang tiyakin na ang mga maaaring regulasyon sa agricultural na insyurans ay ayon sa isang balangkas na para sa mahabang panahon at sa pagpapanatili ng paglago ng sektor.
- d. Pag-aralan ang kasalukuyang lokal na mga kompanyang may kakayahang umako ng pampinansyal na panganib at interesadong magbigay ng serbisyo , unawain ang mga kasalukuyang produkto sa merkado at tukuyin ang kabilang sa isang mainam na lokal na insyurans – na maaaring insyurans na pagmamay-ari ng pamahalaan.
- e. Suriin ang mga potensyal na mga reinsyurans na kumpanya para sa kanilang kakayahang mag-reinsure ng mga posibleng produkto ng pamahalaan, teknikal na kakayahan sa pagdisenyo/paglalaan ng presyo ng produkto, at pangmatagalang interes sa pagtatatag ng agrikultural na insyurans na merkado sa bansa.
- f. Pag-usapan ang posibleng mga donor o mga internasyonal na kasosyo sa pag unlad sa kanilang teknikal na pakikibahagi sa pagdisenyo at paglulunsad ng programang magbibigay ng insyurans sa pagaani, at potensyal na pagpopondo sa ganitong gawain. Ito ay isang hakbang na nagpapatuloy, kung saan ang mga kontak ay dapat na nabuo sa unang yugto.
- g. Tiyakin na bukas at ang may kakayahang magsagawa ng odito ang mga departamento ng pamahalaan at ang lahat ng pangunahing kasosyo o kumpanya.

Ika-apat na Yugto. Paggawa ng Pambansang Patakaran at Tulong na Salapi

- a. Tukuyin ang hinahangad na tungkulin ng pamahalaan sa insyurans na programa, kabilang ang ministeryo na magiging pangunahing tagapagpatupad (pagsasaayos ng mga istrukturang nakaplano sa unang yugto), anong mga departamento ang ganap na kabilang, at ang mga pinagmulan (staff at kagamitan) ng kakailanganin.
- b. Suriin ang antas na saklaw ng insyurans – o iba't ibang antas – mula sa micro (mga magsasaka na kanya-kanyang naka-insure), meso (mga organisasyon, kompanya, programa na pang-distrito) o macro (saklaw ang buong bansa o rehiyon). Paano nagiging bahagi ang insyurans sa mas malaking estratehiya para sa pagpapagaan ng panganib dulot ng pagbabago sa klima ng bansa.
- c. Pag-usapan ang pangangailangan at potensyal para sa subsidiya, paano mababayaran ang mga ito, at ano ang pangmatagalang estratehiya – kung ang subsidiya ba ay mababawasan sa paglipas ng panahon.
- d. Sapilitan o boluntaryo – ang mga magsasaka ba ang nagpapasya ng kumuha at lumabas sa saklaw ng insyurans, o kailangan ba ito ng lahat ng mga magsasaka o lahat ng mga magsasakang nais tumanggap ng ibang serbisyo ng gobyerno (maaaring suportahan sa pamamagitan ng pipiliing daanan ng pamamahagi).
- e. Sumulat ng bagong balangkas pampolisiya para sa isang insyurans na programa, kabilang ang panggagalingan ng pondo. Ang mga panlabas na ekspertong teknikal mula sa sektor ng development ay maaaring makatulong sa panahong ito, pati na rin ang pag-aaral ng mga kahalintulad na balangkas galing sa ibang bansa.
- f. Gumawa ng tinatayang budget para sa pagpipiloto sa unang taon ng pagpapatupad, at kung may subsidiya, isang mas mahabang panahon ng pagaaral upang matiyak ang pagkakaroon ng pondo sa loob ng limang taon o higit pa.

Ikalimang Yugto. Pagbuo ng Produkto, Pamamahagi at Presyo

- a. Ayon sa isang pagaaral at sa pakikipag-usap sa mga lokal na kasosyo sa insyurans, tukuyin ang target na pananim na dapat ma-insure sa unang taon, ang mga saklaw na panganib, uri ng produkto (indemnity, index) at pagmumulan ng datos para sa mga produktong ito.
 - i. *Teknikal na disenyo ng produkto* – indemnity, index o hybrid (dapat na maunawaan ang mga lamang, kahinaan at pagkaakma ng bawat isa). Tiyaking ang insurer/reinsurer at/o kaya ang pamahalaan ay may kasanayan na makakuha ng datos, bumuo ng indeks na modelo, at magtalaga ng presyo sa produkto.

- b. Pagkalap ng mga datos (10-30 taon ang saklaw na panahon) para sa pagbuo ng produkto at paglalagay ng presyo – ang mga nawawalang bahagi na dala ng mga saklaw na posibleng panganib, panahon/datos ng ani para sa mga indeks ng produkto. Para sa mga produktong may indeks ng panahon, isama ang Nasyonal na Opisina ng Metreyolohiya at ang Nasyonal na Opison ng Istatistika sa grupong kikilos upang matiyak ang maayos na daloy ng mga datos.
- c. Pagpasyahan kung aling mga magsasaka ang makakakuha ng produkto at kung mayroon sa kanila na makakakuha din ng subsidiya ng alinman sa mga produkto.
- d. Ayon sa mga detalye ng produkto, maglaan ng presyo sa produkto para sa bansa sa distrito o sa pinakamaliit na administrasyon. Ang bayad ay ayon sa mga aktwaryal na kalkulasyon ayon sa ilang taong datos ng pananim. Magbigay ng maraming opsyon para sa isang tradisyonal at isang katastropiyang pagsagot, na nagbibigay ng detalye tungkol sa dalas ng nakaraang mga pagbayad sa mga piling lugar upang maunawaan ng mga gumagawa ng desisyon sa pamahalaan kung gaano kadalas magkakaroon ng bayad ang bawat produkto. Malamang ay mangangailangan ito ng isang ekspertong mula sa ibang bansa (pampubliko at pribadong sektor) upang maitaguyod ang kapasidad ng mga lokal na kompanya ng insyurans, kung saan ang huling presyo ay isinagawa sa antas ng reinsurer.
- e. Kung may subsidiya, ibigay ang detalye ng mga inaasahang babayaran ng mga magsasaka galing sa sariling bulsa o sa pamamagitan ng mga pinagbuklod na mga produkto.
- f. Siyasatin at tukuyin ang mga mainam na daanan ng distribusyon para sa insyurans – maaaring isama ang ugnayan sa kreditong agrikultural, at iba pang mga insyurans product, nakapaloob sa kasalukuyang programang subsidiya ng pamahalaan, sa pamamagitan ng mga umiiral na grupo ng magsasaka o iba pa.
- g. Siyasatin kung paano magagamit ang kasalukuyang mobile network at mga mobile money para sa pagpaparehistro ng mga magsasaka, pagbabayad, pagbabayad ng sahod, pagmemerkado at mga manakanakang balita.
- h. Magsagawa ng pagaaral ng benepisyo at ng gastos mula sa pananaw ng mga magsasaka ng may pagsasaalang-alang sa epekto ng insyurans/iba pang benepisyo mula sa pamahalaan sa panahon na may magandang ani, ani na may 50% na pagkalugi at sa isang masamang panahon na may 90% na pagkalugi (o antas ng pagkalugi na itinuturing ng bansa). Ang potensyal na pagkalugi ay maaaring alamin sa pamamagitan ng mga ebidensya sa antas ng bansa at sa pamamagitan ng pagkonsulta sa lokal na mga insyurans na kompanya sa kanilang kakayahang humarap sa pinansyal na panganib. Sa pagsusuri, kalkulihin ayon sa nakuha/inaasahang makukuhang kita sa ani, halaga ng insyurans premium sa antas ng mga magsasaka (bawas ang subsidiya mula sa pamahalaan), at iba pang tulong na matatanggap mula sa pamahalaan.

Ikaanim na Yugto. Responsibilidad ng mga Kasapi at Pagbuo ng Proseso

- a. Linawin ang hangganan ng mga tungkulin at responsibilidad ng bawat kabahagi, pananagutan, pagsasaayos ng mga insentibo para sa pagtatagumpay. Magtalaga ng malinaw na balangkas sa pangangasiwa ng proyekto (na tinalakay sa mga naunang yugto), na labis na mahalaga.
- b. Sumulat ng SOPs, isama ang lahat ng mahahalagang kabahagi sa pagbuo ng bawat isa sa mga sumusunod:
 - I. Pagmemerkado
 - II. Pagbabahagi
 - III. Pagrerehistro ng mga kliyente (papel o digital)
 - IV. Pangongolekta ng premium
 - V. Pangangalap ng mga datos para sa pagsusuri ng pagkalugi
 - VI. Pagsusuri ng pagkalugi sa antas ng field (para sa bayad-pinsala) o kaya ay sa pamamagitan ng indeks na datos
 - VII. Pamamahagi ng bayad para sa mga magsasakang nakakaranas ng pagkalugi
 - VIII. Pagbibigay ng puna sa mga nasa field ayon sa panganib (para sa mga produktong indeks)
- c. Pagbuo ng maayos na estratehiya sa pagsasagawa ng mga pagsasanay/pakikisalamuha para sa mga magsasaka, para sa pilot at para sa pagpapalawak. Gamitin ang disenyo ng isang planong pangnegosyo na may isinaayos na budget (pinagbuti mula sa ibang yugto).
- d. Buuhin ang lahat ng kinakailangang dokumento upang suportahan ang mga SOP, gaya ng mga dokumento sa polisiya sa mga magsasaka.

Ikapitong Yugto. Pagsasanay sa Pagpapatupad at Pakikisalamuha sa mga Magsasaka

- a. Pagbuo ng mga manwal at pagsasanay sa manggagawa sa field na magsasagawa ng pagtuturo sa mga magsasaka at pagbebenta.

- b. Pagbuo ng mga materyal na magagamit upang makapagsanay sa pakikisalamuha, komunikasyon, at pagmemerkado ang mga magsasaka.
- c. Magtatag ng herarkiya sa pagsasanay at pamunuan ng mga tagapamahala mula sa pambansang antas hanggang sa mga baryo upang matiyak ang komunikasyon at kakayahang patnubayan ang mga manggagawa sa antas ng baryo.
- d. Ipatupad ang mga pagsasanay at mga susunod pang paghahasa sa antas ng mga magsasaka (o kaya ay itinakda ng mga piling daanang distribusyon ng insyurans). Magtala ng mga detalye tungkol sa mga magsasaka/mga grupo na sinanay na maaaring matawagan para sa pagkontrol ng kalidad).
- e. Magbigay ng probisyon para sa pagpapatunay ng kalidad ng ginawang pagsasanay at sa mga magsasaka na sinanay para sa survey upang subukan ang pagunawa sa mga ginamit na materyal (gawin sa telepono ang survey kung maaari).

Ikawalong Yugto. Patunay ng Paglulunsad ng Konsepto at Pagpapaunlad

- a. Kung maaari, magsagawa ng dry run sa mga teknikal na bahagi ng produkto, lalo na sa mga indeks na produkto upang matiyak na sila ay nakatuon sa mga pinakaakmang panganib at nagpapagalaw sa mga tamang kaganapan.
- b. Magpatupad ng mga itinatag na proseso sa pamamagitan ng itinakdang daanan ng distribusyon, kabilang na ang: pagpaparehistro ng mga magsasaka, pagkolekta/paglipat ng premium sa lokal na insyurans na kompanya, pagpapakalat ng dokumento ng mga polisiya, pagsusuri sa paghingi ng bayad-pinsala/pagsusuri sa pagkalugi, paglipat sa bayad.
- c. Kung may tulong pinansyal, iulat ang mga magsasakang insured/iba pang detalye sa nagbibigay ng tulong pinansyal para sa paglipat ng subsidiya sa lokal na kompanyang insyurans.
- d. Subukan kung gaanong kaepektibo ang mga bagong teknolohiya gaya ng mobile phone para sa pagpaparehistro, pangongolekta ng bayad sa insyurans, o kaya'y pagbibigay ng bayad-pinsala.

Ikasiyam na Yugto. Isinaayos na Pamamaraan, Produkto at Koordinasyon sa mga Kabahagi

- a. Magsagawa ng pagsubaybay at pagsusuri sa pagpiloto upang malaman ang mga hamon/kahinaan sa lahat ng hakbang ng implementasyon, koordinasyon sa mga kabahagi, at teknikal na pagganap ng produkto.
- b. Kapanayamin ang mga nakibahaging magsasaka, pamahalaang lokal at nagsagawang manggagawa upang maunawaan kung saan naiipit ang trabaho at makakuha ng mga reaksyon/puna sa mga aspeto ng programa na kailangang ayusin.
- c. Magmungkahi at makipagtalakayan sa mga nasyonal na grupong kumikilos upang makapagsagawa ng pagbabago at pagsasaayos ng programang sinubukan muna bago ang ganap na paglulunsad. Dapat ay maaari pang baguhin ang ibang bahagi ng balangkas pangpolisiya tungkol sa uri ng produkto, mga panganib, o estratehiya para sa pagpapatupad upang mapaganda pa ito.
- d. Mag-ulat sa grupong kumikilos tungkol sa mga ginagawang pagpapaganda ng programa na dapat ipakita sa lahat ng mahahalagang kabahagi, kasama na ang mga pangunahing natutunan at kung paano kumikilos ang programa ng pamahalaan sa mga natutunan ito.

Ikasampung Yugto. Ganap na Paglulunsad ng Programa at Pagpapaunlad

- a. Ipatupad ang isinaayos na estratehiya ng programa at SOP sa mga kabahagi.
- b. Magpatuloy sa pagmamanman sa produkto at pagsusuri kasama ang mga kabahagi, piniling mga magsasaka, at iba pang mga tagapamagitan ng gobyerno para sa patuloy na pagpapabuti ng mga produkto.
- c. Magsagawa ng taunang pag-odit ng lahat ng mga kasosyo at mga proseso.
- d. Buuin at patatagin ang mga estratehiyang pangmatagalan para sa insyurans at maaaring subsidiya upang makamit ang pangunahing layunin sa pagpapatupad ng insyurans.

Survey sa Pangangailangan ng mga Magsasaka ng Insyurans

1. Katwiran

Layunin ng survey sa magsasaka ang mas maintindihan ang pangangailangan nila sa mga produktong insyurans para. Ang survey na ito ay isasagawa sa Ikalawang Yugto--Pagaaral at Pagsusuri sa Panganib--ng *10 Yugto sa Pagtaguyod ng Isang Nasyonal na Programa ng Pagbibigay Insyurans sa Pananim: Pangkalahatang Gabay*, na itinaguyod para sa pagpupulong ng ASEAN-CRN. Ang yugto ng pagaaral ay isang mahalagang hakbang sa pagbuo ng programa upang masaliksik at maitatag ang mga pangunahing parametro para sa basehan ng programa. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga nakuhang impormasyon sa pambansang antas at sa antas ng mga magsasaka sa Ikalawang Yugto, kikilalanin ang mga pangunahing panganib na dapat mapabilang, ang mga produkto na maaaring maibigay ayon sa mga datos at uri ng panganib, posibleng mga paraan ng pagbabahagi, paraan ng pag-ugnay sa mga magsasaka, pangangailangan ng subsidiya, at mga bahaging bubuo sa isang grupong pangnasyonal para sa pagbibigay insyurans sa pananim.

Isang katulad na survey ang isinagawa noong Marso 2015 sa mga proyekto ng G4INDO sa East Java. Dahil layunin ng G4INDO na suportahan ang Pamahalaan ng Indonesia at ng Ministry of Agriculture upang matagumpay na isagawa ang kanilang programang insyurans pang-agrikultura, mahalaga na magkaroon ang G4INDO ng malinaw at wastong pananaw sa kasalukuyang mga hamon o panganib na sa mga magsasaka upang magawa at maipatupad ang angkop na produkto. Dahil sa ganitong pamamaraan, ang survey na ito ay hindi naglalayong maging lubos na balido o siyentipiko pagdating sa istatistika. Layunin nito ang matuto mula sa kinatawang bilang ng mga magsasaka tungkol sa kanilang mga karanasan at pangangailangan.

2. Survey

Ang mga magsasaka na dapat kausapin ay hindi kinakailangang bahagi na ng isang programang insyurans pang-agrikultura. Pinakamainam na makita din ng mga kakausap ang lupain ng mga magsasaka upang mas malinaw na makita ang nagpapaliwanag ng mga magsasaka, bagama't ito ay malaking hamon sa ibang larangan.

Ang pakikipag-usap sa mga magsasaka ay dapat na tumuon sa pagkakaunawa ng mga magsasaka sa mga sitwasyon, uri ng panganib, paraan upang makautang, paggamit ng mobile na teknolohiya, at iba pang detalye sa pagtataguyod ng epektibong programa sa pagbibigay ng insyurans. Ang survey

ay impormal na pag-uusap tungkol sa ilang paksa na naiiba sa pagbibigay ng mga tanong na may iba't ibang sagot na pagpililian. Ang pag-uusap ay naglalayong maging interaktibo, na may palitan ng tanong at sagot sa pagitan ng mga magsasaka at ng grupo. Epektibo ang paraang ito, kung saan mas natural ang pag-uusap, at ang magsasaka ay nakakapagbigay ng mga karagdagang pagpapaliwanag sa iba't ibang mga paksa.

3. Mga Katanungan sa Survey

1. Panimula

- a. Maiksing pagpapakilala sa mga interviewer
- b. Pagpaliwanag ng layunin ng pag-uusap
- c. Tanungin ang magsasaka kung siya ay handang sumagot ng mga katanungan

2. Mga Detalye tungkol sa sambahayan ng magsasaka at proseso niya ng pagtatanim

- a. Bilang ng kasama sa bahay at bumubuo sa sambahayan
- b. Lupaing sinasaka at bilang ng mga sakahan
- c. Ganap bang nagsasaka o may iba pang pinagkakakitaan, ano ang iba pang pinagkakakitaan
- d. Siya ba ay may-ari ng lupa, nagrerenta, o bahagi ng isang sharecropping arrangement
- e. Dating ng mga panahon, mga pananim tuwing tag-ulan, tuwing tag-araw
- f. Pagestima ng ani noong mga nakaraang taon (sa bawat panahon ng anihan) na maituturing na magandang ani.
- g. Naging ani noong nakaraang anihan, pagtuunan ang bigas: kung hindi naging maganda ang ani, bakit
- h. Paano niya tinutustusan ang mga pananim: binabayaran ang lahat ng gastos gamit ang sarili niyang pera, nangungutang, ginagawa ang lahat ng trabaho sa sakahan kasama ang pamilya, etc.
- i. Ano ang mga binibili pang tanim? Buto, pataba, kemikal, at iba pa
- j. Pagtangkilik sa sikat na pangalan ng mga binili, bumibili ba sila sa bawat panahon ng pagsasaka? Kanino sila bumibili?
- k. Sino ang bumibili ng produksyon, nagbabago-bago ba ang presyo, gobyerno ba ang nagtatakda nito?
- l. May pumupunta ba sa lugar ninyo para kumuha ng mga bilang ng ani na may survey o pagputol ng inani?

3. Pagbabaha-bahagi ng Gastos sa Produksyon

- Punan ang talaan ng gastos sa produksyon sa ibaba.
- Ano ang mga pinagkukunan ng pondo, mga kinakailangang bilhin, at trabahador na dapat kunin?

Pananim		
Lugar na Pagtataniman		
Petsa ng Panahon ng Pagtatanim		
Petsa ng Panahon ng Anihan		
Mga Pinagkakagastusan	Philippine Peso	Komento
Halaga ng Input		
Buto		
Pataba 1		
Pataba 2		
Pesticide		
Herbicide/iba pa		
Iba pang mga Input		
Kabuuang Halaga ng Input		
Trabaho at Iba pang Gastos		
Paghahanda ng Nursery, Pagtatanim		
Paghahanda ng Lupa		
Paglipat ng Halaman		
Irigasyon		
Pag-aalis ng Damo		
Pataba at Iba pang Nilalagay na Kemikal		
Pag-ani		
Pagproseso Matapos Anihin		

Paglalagay sa bag – halaga ng mga bag		
Transportasyon papuntang merkado		
Kabuuang Gastos sa Trabaho at Iba pa		
Kabuuang Gastos		
Kabuuang Gastos kada Ektarya		

4. Uri ng Panganib

- a. Kapag hindi naging maganda ang ani mo, ano ang kadalasang nangyayari sa panahong iyon? Maaaring sagot: tagtuyot, bagyo, pabago-bagong dami ng ulan, sakit, peste (insekto, fungi, ...), pagkain o pagsira ng hayop sa mga pananim (daga, iba pa), pabago-bagong presyo sa merkado, kawalan ng merkado, pagnanakaw, yelo, baha, ...
 1. Pinakamalaking panganib ng kakaunting ani
 2. Porsyento ng kakulangang naranasan noong nakaraang panahon, mga nakaraang taon?
 3. Mga dahilan ng kaunting ani?
- b. Paano mo kasalukuyang pinamamahalaan ang bawat panganib – halimbawa irigasyon para sa tagtuyot o kaya ay kemikal para sa mga peste?
- c. Kung walang kinita sa anihan, paano ka magkakaroon ng pera para makapagtanim ulit? Maaaring sagot: bawasan ang pagkain sa bawat araw, mas umasa sa pagkaing tulong, umutang, umasa sa tulong ng iba, pahintuin muna ang mga anak sa pag-aaral, magbenta ng mga alagang hayop, kita mula sa mga gawaing walang kinalaman sa pagtatanim
- d. Ano ang ibang gagawin ng mga magsasaka kung ang ani niya ay naka insured: iba pang buto, mas maraming pataba, iba pang supplier, hindi na utang, mas murang gastos mula sa sahod / pera mula sa pagtatrabaho

5. Paraan para Makautang

- a. Umutang ka na ba para sa pagtatanim? May kilala ka bang nangungutang para sa pagtatanim?
- b. May savings group ba sa inyong baranggay?
- c. Anong bangko, mga NGO o iba pang programang hindi sa gobyerno ang nagpapautang sa mga magsasaka?
- d. Alam mo ba ang mga interes ng mga pautang na ito? Dapat ba

silang bayaran sa nakapaloob na panahon o kapag nagkaroon na lamang ng ani?

- e. Ang mga trader o agro dealer ba ay nagpapautang sa mga magsasaka? Paano ginagawa ang mga pautang na ito?
- f. Kapag ang magsasaka ay hindi nakapagbayad sa isa sa mga pautang na ito, alam mo ba kung ano ang mangyayari?
- g. Kung maaari kang mangutang para sa pagsasaka, mangungutang ka ba?

6. Paggamit ng Mobile Phone

- a. paggamit ng sim card, anong network
- b. gaano kadalas ka nagpapadala ng SMS?
- c. paggamit ng Internet sa telepono o mobile money?

7. Mga Pagpipilian sa insyurans

- a. Mayroon ka bang insyurans? Nagkaroon ka ba ng ganito dati? Maganda ba ang produkto? Nabayaran ka ba noong kailangan mong mabayaran?
- b. Mayroon bang kompanya o brand ng insyurans na pinagkakatiwalaan mo?
- c. Narinig mo na ba ang insyurans program ng gobyerno para sa pananim?
- d. Para sa isang insyurans program, ano sa palagay mo ang mga panganib na dapat mapabilang dito?
- e. Ano sa palagay mo ang pinakamagandang paraan upang magkaroon ng insyurans--mayroon bang paraan na mas ginagamit ng mga magsasaka?

8. Organisasyon ng mga Magsasaka

- a. Organisasyon ng mga magsasaka – kabilang ka ba sa anumang grupo ng mga magsasaka?
- b. Ang mga magsasaka ba sa inyong lugar ay kabilang sa anumang organisasyon? Boluntaryo ba ito o sila ay kinakailangang sumali?
- c. Ano ang mga benepisyo para sa organisasyon?

Iba pang mga mungkahi na dapat isaalang-alang at isama sa pagtataguyod ng isang programang pangnasyonal na insyurans:

1. Sa pagsusuri ng kasalukuyang mga polisiya ng insyurans, iminumungkahi ang pagkakaroon ng mga pagaaral ng kaso o halimbawa tungkol sa kondisyonal ng mga pautang.
2. Bago ang ganap na paglulunsad ng programa, maaari ring ilagay sa gabay na dokumento ang pangangailangan ng lehitimong paglalabas upang suportahan ang pagsasagawa ng programa. Ang programang ilulunsad ay dapat na naaayon sa resulta ng isinagawang pagaaral.
3. Pagkakaroon ng pagklasipika at pagkategorya ng mga bayad sa insurance – dahil depende ito sa uri ng panganib;
4. Probisyon para sa sapilitang pagsaklaw ng mga natatanging pananim at pagkakaroon ng mga pagpipilian para sa mga magsasakang may kakayahang pinansyal.

**

